# Huwag Magnakaw

## NOTES

## WARM-UP

- Ano ang pinakamahal na bagay na nabili mo? Bakit mo ito binili?
- Masasabi mo ba na ikaw ay masipag na tao o katamtaman lang? Bakit?
- Naranasan mo na ba ang manakawan, o may kakilala ka na nanakawan? Ano ang nangyari at ano ang naramdaman mo (o ng kakilala mo)?

**WORD** *"Huwag kayong magnanakaw."* **EXODUS 20:15**

Ang pagnanakaw ay pag-angkin ng pag-aari ng ibang tao nang walang pahintulot. Bukod sa iba pang mga bagay, kasama dito ang pagiging huli sa trabaho (pagnanakaw sa oras na binayaran ng pinagtatrabahuhan mo), *plagiarism* (pagnanakaw ng ideya ng ibang tao), at hindi paggamit ng mga ibinigay ng Diyos na kakayahan at talento para sa Kanyang karangalan (pagkakait sa Diyos ng mga bagay na nararapat ibigay sa Kanya). Sa Bibliya, ang mga hayop ang karaniwang ninanakaw dahil pinagkukunan ang mga ito ng trabaho, pagkain, at kasuotan ng tao. Mula rito, makikita natin na ibinigay ng Diyos ang ikawalong utos upang pangalagaan tayo, at hindi lamang ang ating mga ari-arian. Sa araling ito, ating tatalakayin kung ano ang sinasabi ng Bibliya tungkol sa pagnanakaw.

## 1 Ang Diyos ang nagmamay-ari ng lahat ng bagay; tayo ay Kanyang mga tagapangalaga.

*Ang buong mundo at ang lahat ng naririto ay pag-aari ng Panginoon.* **MGA SALMO 24:1**

Ang Diyos ang may gawa ng buong daigdig, at dahil dito, Siya rin ang may ari ng lahat. Ang lahat ng mayroon tayo at mga pagpapala na ating ikinagagalak ay ipinagkatiwala lamang sa atin ng Diyos. Samakatuwid, wala tayong karapatan na kunin ang ibinigay Niya sa iba at hindi sa atin. Ayon sa Mga Salmo 24:1, sino ang nagmamay-ari ng mundo at ng lahat ng nakatira rito?

## 2 Ang pagnanakaw ay isang kasalanan at walang pagpapaumanhin.

*[30]Minsan nauunawaan ng mga tao ang taong nagnakaw dahil sa gutom. [31]Ngunit pinagbabayad naman siya ng pitong beses ng kanyang ninakaw kapag nahuli, kahit maubos pa ang lahat ng pag-aari niya.* **MGA KAWIKAAN 6:30,31**

Ang pagnanakaw ay kasalanan, pagpapakita ng kawalan ng tiwala sa kakayahan ng Diyos na tustusan ang ating mga pangangailangan. Tinutugunan ng Diyos hindi lamang ang ating pisikal na mga pangangailangan (Lucas 12:27); sa pamamagitan ni Jesus, binigyan din Niya ng kasagutan ang espirituwal nating pangangailangan para sa kaligtasan at kapatawaran ng mga kasalanan. Ang kaalaman ng pag-aalay ni Jesus ng Kanyang buhay para sa atin ay nagbibigay sa atin ng katiyakan na ang Diyos ay nagnanais at may kakayahan na ibigay ang lahat ng ating pangangailangan. Ayon sa Mga Kawikaan 6:31, katanggap-tanggap ba ang pagnanakaw sa oras ng pangangailangan?

## 3 Magtrabaho ng maigi at maging mapagbigay.

*Ang mga magnanakaw ay huwag nang magnakaw, sa halip ay maghanapbuhay siya nang marangal para makatulong din siya sa mga nangangailangan.* **MGA TAGA-EFESO 4:28**

Ang bawat isa sa atin ay binigyan ng Diyos ng kakayahan na makapag-trabaho. Sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, binibigyan din Niya tayo ng kakayahan na maging mapagbigay, gaya ng ginawa ng unang iglesya (Mga Gawa 4:32-37). Sa halip na magnakaw, sinasabi sa Bibliya na dapat tayong magtrabaho at magbahagi ng bunga ng ating pagtatrabaho sa ibang tao. Ayon sa Mga Taga-Efeso 4:28, ano ang dapat gawin ng magnanakaw sa kanyang mga kamay?

## APPLICATION

- Maglaan ng oras upang pag-isipan ang sinasabi sa Mga Salmo 24:1. Ngayong linggo, paano ka magiging mas mabuting tagapangalaga ng lahat ng ipinagkatiwala sa iyo ng Diyos?

- Dahil sa kaalaman na ang Diyos ang nagbibigay sa atin ng kakayahan na makapag-trabaho, ano ang isang tiyak na pamamaraan na kailangan mong baguhin, maging sa pananaw man o sa mga kinaugalian mong gawin sa trabaho, simula ngayong linggo?

- Ngayong linggo, palakasin ang loob ng isang tao sa pamamagitan ng katotohanan na ang Diyos ay nagnanais at may kakayahan na tugunan ang lahat ng kailangan natin.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa mga talento, kakayahan, at iba pang pagpapala na ipinagkatiwala Niya sa iyo.

- Hingin sa Diyos na tugunan ang lahat ng mga pangangailangan mo at purihin Siya sa Kanyang kagustuhan at kakayahan na tugunan ang mga ito. Ihayag ang pagtitiwala at pag-asa mo sa Diyos.

- Pag-isipan ang kapatawaran at kaligtasan na ipinagkaloob sa iyo ni Jesus. Pasalamatan ang Diyos sa pagbibigay nito at magtiwala na magkakaroon ka ng mga pagkakataon ngayong linggo upang ibahagi ito sa iba.

VICTORY

© 2016 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph